REPUBLIKA NG PILIPINAS · KAGAWARAN NG EDUKASYON

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

RELEASED
DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
DATE: 20 JAN 2016

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 034, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mataas Na Paaralan
Punungguro ng Mababang Paaralan
Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **PLUS FACTOR Para sa mga Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan**

Petsa: Enero 20, 2016

---

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay nagsagawa ng Pansangay na Seminar-Workshap Para sa mga Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan sa Filipino (Elementarya at Sekundarya) noong Setyembre 25-26, 2015 (Biyernes at Sabado) sa Top Plaza Hotel, Lungsod ng Dipolog. Nasundan pa ito ng pangalawang Seminar-Workshap sa Pag-aanyo ng Pampaaralang Pahayagan (Phase II) noong Oktubre 29-30 sa nasabi pa ring venyu. Dahil sa dalawang magkasunod na workshap na naganap ay nadagdagan na ang bilang ng mga paaralang nakisali sa pagpapalawig ng journalismo ng Sangay na ito. Sa nakalipas na dalawang taon, sa Sekundarya, mula 16 ay naging 32 na ngayon ang mga Paaralang sumali sa Press Conference habang sa Elementarya ay naging 15 paaralang sumali na noon ay siyam lamang. Sa ngayon, umabot na sa 316 batang manunulat at 75 Tagapayo ang nakibahagi sa pagpapaunlad ng journalismo rito sa lalawigan. Bilang resulta rin sa naturang workshap ay nagkaroon ng 12 NSPC qualifiers na noon isa o dalawa lamang ang madala sa NSPC. Bukod pa nito, tumaas din ang bilang ng NSPC qualifiers para sa Kategoryang Pangkatan.

2. Ang pagiging Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan at taga-panday ng mga batang manunulat upang kumatawan ng koponan para sa mas mataas na kompetisyong rehiyunal at pambansa ay isang mabigat na gawaing gagampanan ng bawat Tagapayo at nangangailangan ng mahabang oras sa pagsasanay ng mga manunulat at tahasang pagsubaybay sa kanila sa pagbuo ng pampaaralang pahayagan. Nakasalalay sa balikat ng mga Tagapayo ang pag-unlad at pag-angat ng kalidad sa pamamahayag at media arts ng mga paaralan.

3. Mula sa panukalang ito, ay nais ipagkaloob ng Sangay ang **PLUS FACTOR** bilang kaangkupang pagpapahalaga sa mga pagsisikap na ginawa ng mga Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan (Elementarya at Sekundarya) ayon sa sumusunod na pagbabatayan:

**10% -Tabloid- may panalo sa National Level $1^{st}$ - $3^{rd}$ place**
**9 % -Tabloid- may panalo sa National Level $4^{th}$ - 10th place**
**8% - Tabloid na may panalo sa Regional Level $1^{st}$ – $3^{rd}$ place**
**7% - Tabloid na may panalo sa Regional Level $4^{th}$ – $10^{th}$ place**
~~**6% - Tabloid na may panalo sa Division Level $1^{st}$ – $3^{rd}$ place**~~
**5% - Tabloid na may panalo sa Division Level $4^{th}$ – $10^{th}$ place**
**4% - Tabloid**
**2% - Newsletter**

4. Ang nasasabing plus factor ay ipapatupad ayon sa Result Performance-Based Management System at maitala sa IPCRF ng bawat Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan simula sa Taung-Panuruan 2015-2016.

5. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.